# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 52*
# *Mapasa Tamang Pangkat ng mga Tao*

***"1 Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay Achab.." (2 Cronica 18:1 KJV)*** Si Haring Josaphat ay matuwid na hari sa Israel, at pinagpala siya ng Panginoon ng kayamanan at karangalan, ngunit siya'y yumaon at nakipagkasundo sa pag aasawa sa masamang Haring Ahab ng Israel. Iyon ay maling pagkilos at isang maling pasya na nagdulot sa kanya at nagdulot sa Juda ng higit na pagbabayad para sa gayong maling pagkilos. Ang pag aasawa sa hindi mananampalataya ay kapahamakan. Ang pagpapakasal sa isang mananampalataya na walang takot sa Dios ay kapahamakan din. Si Ahab sa pamamagitan ng kanyang asawang si Jezebel ay nagdala ng pagsamba kay Baal sa Israel. Si Josaphat nang payagan niya ang kanyang anak na lalaki na mag asawa sa anak na babae ni Ahab ay inilagay ang kanyang sarili at ang buong Juda sa isang malaking kaguluhan. Ang pagsamba kay Baal ay dumating sa Juda dahil sa pag aasawang iyon. Mapipilitan si Josaphat na sundin ang maling mga daan na pinagdadaanan ni Ahab at sa huli'y ipapakilala niya ang pagsamba kay Baal sa Juda. Ipinakita iyan ang kamangmangan ni Josaphat sa paggawa nito. Kapag pinagpapala kayo ng Dios, huwag kayong mangmang at humayo at gumawa ng masama at makihalubilo sa maling mga tao at maling pag-aasawa; hindi malulugod ang Panginoon sa mga ganyang pag uugali.

***"2 At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya; at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 18:2 KJV)*** S Si Josaphat ay lumusong para galugarin ang bagong patutunguhan nila ni Haring Ahab, ngunit hindi niya alam na may mga problemang naghihintay sa kanya. Minsan ay sumusulong ka iniisip na may mga pagpapalang naghihintay sa iyo sa tiyak na direksyon na binuksan mo sa pamamagitan ng iyong sariling kalooban ngunit hindi mo namamalayan at hindi mo nakikita ang mga problema sa iyong harapan. Batay sa pag aasawang iyon, napilitang kumilos si Josaphat sa direksyon ni Ahab at inilagay ang kanyang sarili sa mga problema sa pamamagitan ng pakikisama sa maling mga tao at paglalagay sa kanyang sarili sa isang maling pangkat. Sinasabi ng Kasulatan, ***"siya'y lumusong"***, ibig sabihin ay lumala na siya. Pananagutan mo na iwasang ilagay ang iyong sarili sa maling mga tao at maling mga pangkat o pagtitipon. Dito ay nagkatay si Ahab ng mga tupa nang sagana at maaaring si Josaphat ay masaya sa unang pagkakataon na iyon, ngunit hindi iyon upang parangalan si Josaphat at ang mga taong kasama niya kundi upang hilahin siya at hikayatin siyang sumama sa kanya para sa isang labanan upang mabawi ang Ramothgalaad.

***"3 At sinabi ni Achab na hari sa Israel kay Josaphat na hari sa Juda, Sasama ka ba sa akin sa Ramoth-galaad? At sinagot niya siya, Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma." (2 Cronica 18:3 KJV)*** Dito matapos ang parangal na natanggap ni Josaphat at matapos niyang ipagkasundo ang kanyang sarili sa pag-aasawa kay Achab, paano nga ba siya tumangging sumama sa kanya sa pakikidigma? Gusto ngayon ni Ahab na gamitin sina Josaphat at Juda para gawin ang kanyang sariling kalooban at saloobin. Si Josaphat ay nakulong, kaya nga sinabi niya, ***"Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma."*** Ngunit sa katotohanan hindi siya masaya at batid ang pagkakaiba sa pagitan niya at ng kanyang bayan kay Ahab at sa kanyang bayan.

***"4 At sinabi ni Josaphat sa hari sa Israel, Magusisa ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon." (2 Cronica 18:4 KJV)*** Si Josaphat, batid ngayon na nahulog siya sa mga kaguluhan at ang pagpunta sa Ramothgalaad ay maling pasya, kaya nagmakaawa siya kay Ahab na magtanong tungkol sa Salita ng Dios na ipapadala ng Banal na Espiritu sa kanya at ipahayag sa kanya kung ito ba ay tama na pumunta sa digmaan o hindi. * Sa tuwing malapit na tayong gumawa ng malaki o mahalagang desisyon kailangan nating magtanong sa Salita ng Panginoon, kaya siguradong nasa tamang panig tayo sa pagpapasyang gagawin natin. * Kailangan din nating maniwala na kapag nagtanong tayo sa Dios, isusugo sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang Kanyang Salita na nagtuturo sa atin kung anong tamang desisyon ang kailangan nating gawin.

***"5 Nang magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga propeta, na apat na raang lalake, at sinabi sa kanila, Magsisiparoon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi nila, Umahon ka; sapagka't ibibigay ng Dios sa kamay ng hari." (2 Cronica 18:5 KJV)*** Dito ay may mga nakapaligid kay Ahab na apat na raang propeta na lahat sila ay sumang ayon sa kanya at sumang ayong sumama sa digmaan. Pinalibutan ni Ahab ang kanyang sarili ng mga taong sasang ayon sa gusto niyang gawin. Tiniyak nila sa kanya na ibibigay ng Dios ang Ramothgalaad sa kanyang kamay. Kapag lagi mong pinapanatili ang mga taong sumasang ayon sa iyo ang sitwasyong iyon ay delikado dahil ang mga ganyang tao ay sumang ayon sa iyo kahit sa iyong maling desisyon at maling pagkilos at sa mga ganyan ay babagsak ka sa mga kaguluhan.

***"6 Nguni't sinabi ni Josaphat: Wala ba ritong ibang propeta ng Panginoon, upang tayo'y makapagusisa sa kaniya?" (2 Cronica 18:6 KJV)*** Alam ni Josaphat na ang apat na raang propetang ito ay huwad at hindi kabilang sa mga propeta ng Dios kaya naman hiniling niyang magtanong sa isang tunay na propeta ng Dios na magpapahayag sa kanya ng kalooban ng Dios para sa araw na iyon. Kailangan mong makilala kung sino ang kailangan mong magtanong sa Dios, kung aling simbahan ang kailangan mong sumama at buksan ang iyong buhay, at dapat mong tanggihan ang payo ng mga bulaang propeta.

***"7 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, May isa pang lalake na mapaguusisaan natin sa Panginoon: nguni't kinapopootan ko siya: sapagka't kailan man ay hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi laging kasamaan; si Micheas nga na anak ni Imla. At sinabi ni Josaphat, Huwag magsabi ng ganyan ang hari." (2 Cronica 18:7 KJV)*** Ang sagot ni Ahab ay nagpakita na ayaw niya kay Micheas na propeta dahil ayaw niyang sabihin sa kanya ang ayaw niyang marinig. Kaya't ang lahat ng sasalungat kay Ahab ay kaniyang kapopootan at kaniyang uusugin at itataboy niya palayo sa kaniya. Ganyan ang apat na daan-daang bulaang propeta na nagtipon sa paligid niya; Sumasang ayon sila sa kanya upang pasayahin siya kahit mali siya para lang matanggap ang kanyang pabor at suporta.

Ngunit si Micheas na anak ni Imla ay isang tunay na propeta at sasabihin niya kay Ahab ang lahat ng katotohanan, kahit na malaman niya na kapopootan siya ni Achab. Sinabi ni Josaphat sa kanya na huwag sabihin na kinamumuhian niya si Micheas dahil ang sinasabi niya ay mula sa Dios at iyon ay para sa kanyang sariling kapakanan. Kapag pinapayuhan ka namin ng katotohanan na para sa iyong sariling kapakanan at dapat mong mahalin kami at huwag kamuhian kami dahil doon. Maraming tao ang galit sa akin at hindi nagbubukas sa akin dahil alam nilang sasabihin ko sa kanila ang ginagawa nila ay hindi kalooban ng Dios.

Huwag matuksong kamuhian ang propet ng Dios at ang mga namumuno sa simbahan na nagbabala sa iyo na huwag gawin ang ilang mga bagay dahil iyon ay para sa iyong proteksyon at para sa iyong sariling kapanibangan.

Batid ni Jesophat na siya ay nasa malaking kaguluhan ngayon dahil sa pakikisama kay Ahab na naghahatak sa kanya na pumaloob sa digmaan na kung saan ay labag sa kalooban ng Dios. Tingnan dito kapag alam mo ang Salita ng Dios at ang kalooban ng Dios kailangan mong huminto at iwasan ang pagpunta at pakikisama sa mga uri ng tao na magdadala ng mga problema sa iyong buhay tulad ng ipinapahayag sa atin ng Salita ng Dios, ***"20 Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20 KJV)*** Narito ngayon ay malinaw, kung makikisama ka sa mga hangal na tao ay magdurusa ka rin katulad nila.

***"8 Nang magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng isang pinuno, at kaniyang sinabi, Dalhin mo ritong madali si Micheas na anak ni Imla." (2 Cronica 18:8 KJV)*** Sa wakas ang Dios ay gumawa ng paraan na ang kanyang tunay na propeta ay dumating sa ibabaw upang dalhin ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban at sa gayon ay dadalhin Niya ang Kanyang awa maging sa masasama na tumangging sumunod sa Kanyang Salita at Kanyang kalooban at sumunod sa Kanyang mga paraan. Sinabi niya sa kanyang opisyal, ***"Dalhin mo ritong madali si Micheas na anak ni Imla."***, hindi dahil sabik niyang marinig ang katotohanan kundi para ipakita lamang sa harap ni Josaphat na binibigyan niya ng pagkakataon ang lahat ng propeta na magsalita. Tingnan kung paano ang pagdurusa ng tunay na propeta ng Dios na siya'y tinanggihan at inusig ng hari.

***"9 Ang hari nga ng Israel at si Josaphat na hari sa Juda, ay nakaupo bawa't isa sa kanikaniyang luklukan na nakapanamit hari, at sila'y nakaupo sa isang hayag na dako sa pasukan ng pintuang-bayan ng Samaria; at ang lahat na propeta ay nanganghula sa harap nila." (2 Cronica 18:9 KJV)*** Iyan ang nangyayari ngayon sa karamihan ng mga simbahan, malaking bilang ng mga tao ang nagtipon at iboboto at ang karamihan ay mananalo. Ngunit ang karamihan sa kadalasan ay mali tulad ng nakikita natin dito sa mga malalaking pagtitipon na ito ng mga propeta na nagpopropesiya ng mga kasinungalingan kay Haring Ahab na may kinalaman sa kalooban ng Dios.

***"10 At si Sedechias na anak ni Chenaana ay gumawa ng mga sungay na bakal, at kaniyang sinabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa pamamagitan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga Siria, hanggang sa mangalipol." (2 Cronica 18:10 KJV)*** Ang taong iyon, ***"si Sedechias na anak ni Chenaana."*** ay tulad ng mga magagaling magsalita sa ngayon, nagpapahayag sa mga tao gamit ang emosyon na may paglalarawan at malambot na pananalita at tulang mga salita upang kumbinsihin ang karamihan ng tao sa pamamagitan ng mga maling pangako at kasinungalingan na iniibig nilang marinig at makita.

***"11 At lahat na propeta ay nanganghulang gayon, na sinasabi, Umahon ka sa Ramoth-galaad, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng Panginoon sa kamay ng hari." (2 Cronica 18:11 KJV)*** Nagpapapurihan sila sa isa't isa, kaya malulugod ang hari at kapalit nito ay paparangalan niya sila sa pagkain, pananamit, pera at materyal na mga bagay. Iyan ay kawalang-katapatan at paggamit ng ministeryo para mabuhay, dahil ang mga propetang iyon ay hindi tapat sa harapan ng Dios.

***"12 At ang sugo na yumaong tumawag kay Micheas ay nagsalita sa kaniya na sinasabi, Narito, ang mga salita ng mga propeta ay nagsaysay ng mabuti sa hari na magkakaisa: isinasamo ko nga sa iyo na ang iyong salita ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti." (2 Cronica 18:12 KJV)*** Narito ngayon kung paano nila tinipon ang mga taong may katulad na pag-iisip; Yaong mga kumunsinti at nakipagkompromiso sa kanila ay idadagdag at inayayahan sa kanilang samahan. Pinayuhan ng sugo si propeta Micheas na sumama sa karamihan ng mga tao upang mapasaya ang hari at hayaang maging maayos ang lahat ng bagay. Naghahanap sila ng kasunduan kahit labag ito sa kalooban ng Dios. Iyan ang tinatawag nilang tiyak na panahon ngayon bilang pagkakaisa upang pagtakpan ang katiwaliang nangyayari sa mga simbahan. Sinabi niya sa kanya. ***"magsalita ka ng mabuti"***, hindi tungkol sa pagsasalita ng kalooban ng Dios, kundi upang magsalita ng isang bagay na sumang ayon sa lahat ng apat na daang propeta, kahit na ito ay labag sa kalooban ng Dios, para lamang mapasaya ang masamang si Ahab.

***"13 At sinabi ni Micheas, Buhay ang Panginoon, kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon ang aking sasalitain." (2 Cronica 18:13 KJV)*** Dito muling ibinalik ng propeta ang kanyang sarili na sasabihin lamang niya ang nais ng Panginoon na sabihin niya. Napakasakit basahin kung paano sila nakikipag usap sa propeta ng Dios upang hikayatin siyang huwag magsalita ng katotohanan na nais ng Dios upang ipahayag niya. Iangkop sa kanila ang Salita ng Dios. ***"10 Na nagsasabi sa mga tagakita, Huwag kayong kumita; at sa mga propeta, Huwag kayong manghula sa amin ng mga matuwid na bagay, magsalita kayo sa amin ng mga malubay na bagay, manghula kayo ng mga magdarayang bagay:" (Isaias 30:10 KJV)*** Ang gayong uri ng mga tao ay walang alam na inilalagay nila ang kanilang sarili sa malaking panganib sa pagtanggi na tangggapin ang sinasabi ng Dios sa kanila.

***"14 At nang siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniya, Micheas, magsisiyaon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi niya, Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at sila'y mangabibigay sa inyong kamay." (2 Cronica 18:14 KJV)*** Kinutya ni Micheas ang hari nang sabihin nito sa kanya, ***"Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at sila'y mangabibigay sa inyong kamay"***, dahil alam niya na hindi siya maniniwala sa sinabi niya na ipapahayag niya sa kanya. Iyan din ay isang pagsaway kay Haring Ahab na paulit ulit na tumangging makinig sa Salita ng Dios. Ipinahihiwatig din iyan ng masamang karanasan ni Micheas kay

Ahab at paulit-ulit siyang tinanggihan ni Ahab na makinig sa payo ng Dios na isinugo Niya siya sa pamamagitan ni Micheas. Dakila ang pag ibig ng Dios, kahit sa mga taong ayaw makinig, patuloy na ibibigay sa kanila ng Panginoon ang Kanyang Salita at tuturuan sila marahil ay magsisisi sila. Tayo bilang isang simbahan at responsableng mga pinuno kailangan nating patuloy na ibigay ang Salita ng Dios sa mga tao kahit na kinamumuhian nila tayo at kahit na sila ay nakakapinsala sa atin. Hangga't kaya nating ibigay ang Salita ng Dios kung gayon ay kailangan nating ibigay ito sa kanila.

***"15 At sinabi ng hari sa kaniya: Makailang ipasusumpa ko sa iyo na ikaw ay huwag magsalita ng anoman sa akin kundi katotohanan sa pangalan ng Panginoon?" (2 Cronica 18:15 KJV)*** Dito ay nagpapanggap ang Hari sa harap ng kanyang panauhing si Haring Josaphat na siya ang naghahanap ng katotohanan at hiniling kay Micheas na sabihin sa kanya ang katotohanan. Para bang sinasabi niya, Nakikita mo kung gaano ako mapagpakumbabang tao at naghahanap ng katotohanan.

***"16 At kaniyang sinabi, Aking nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na gaya ng mga tupa na walang pastor: at sinabi ng Panginoon, Ang mga ito'y walang panginoon; umuwing payapa ang bawa't lalake sa kaniyang bayan." (2 Cronica 18:16 KJV)*** Dito ipinahayag ni Micheas kay Ahab ang mga katotohanan at ang katunayan ng magaganap. 1. ang Israel ay ikakalat sa kabundukan. 2. sila ay mga tupang walang pastol. Ibig sabihin hindi si Ahab ang taong nag aalaga ng tupa. Tupa na walang pastol ito ay nangangahulugan na siya ay mamamatay sa labanan at ang mga tao ay makatakas mula sa labanan at yumaon sa kanilang mga bahay. 3. Isang babalang mensahe kay Haring Josaphat na nakaupo siya kasama ang maling mga tao na parurusahan ng Dios, at siya ay magkakaproblema kung magpapatuloy siya sa bagay na iyon.

***"17 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi kasamaan?" (2 Cronica 18:17 KJV)*** Nagtanong siya ng totoo pero gusto pa ring marinig ni Ahab ang gusto niyang marinig. Nais ni Haring Ahab na makatanggap ng mga opinyon na susuporta sa gusto niyang gawin at hindi sa ipinahayag na kalooban ng Dios. Nagrereklamo si Ahab kay Josaphat tungkol sa sinabi ni Micheas sa kanya, at inilalarawan ito bilang isang bagay na hindi mabuti kundi masama. Pinagbibintangan niya ang propeta ng Dios. Nakita ko na ang gayong uri ng mga tao nang humarap ako sa kanila sa katotohanan ng Dios nagalit sila sa akin at sisimulan nila akong akusahan sa iba na isinumpa ko sila iniisip na nasa kamay ko ang magbigay sa kanila ng mensahe na gusto nila. Si propeta Micheas ay pinagbintangan ni Ahab na siya ay naghuhula ng kasamaan laban sa kanya, iniisip na si Micheas ay maaaring matukoy kung ano ang maaari niyang sabihin sa kanya, nakakalimutan na ang tunay na propeta ng Dios ay hindi maaaring baguhin ang mensahe na ipapadala ng Dios sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan. Kung ang simbahan at ang bayan ng Dios ay nagkakasala kung gayon ang Dios ay magpapadala ng isang babalang mensahe na nagpapahayag ng kasamaan na magaganap kung ang iglesia o ang bayan ng Dios ay hindi magpipigil sa paggawa ng kanilang sariling kalooban.

Ngayon ang Dios sa mensaheng ito ipinapadala Niya sa iyo ang babala na iwasan mo ang paggawa ng iyong sariling kaloban at plano. Makinig sa mensahe, magpakumbaba sa harapan ng Salita ng Dios at magsisi at maging handang makinig sa mga utos ng mga namumuno ng simbahan at ng mga inilagay ng Dios upang gabayan ka sa mga landas ng Dios. Iwasan ang iyong maling mga pagkilos upang ikaw ay mapangalagaan mula sa mga problema. Makinig at huwag tanggihan ang mga utos ng Salita ng Dios para sa iyong sariling kapakinabangan.

Dito si Micheas upang ipagtanggol ang kanyang sarili bilang tugon sa paratang na sinasabi ni Ahab kay Josaphat, ay kailangang sabihin kay Ahab ang higit pang mga detalye tungkol sa kanyang natanggap mula sa Panginoon, ***"18 At sinabi ni Micheas, Kaya't dinggin ninyo ang salita ng Panginoon: Aking nakita ang Panginoon na nakaupo sa kaniyang luklukan, at ang buong hukbo ng langit na nakatayo sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa." (2 Cronica 18:18 KJV)*** Ipinahayag dito ni Micheas sa kanya na nakikita niya ang Panginoon sa Langit nauupo sa Kanyang luklukan at ang hukbo sa Langit na nakatayo sa palibot Niya. Ipinahahayag ni Micheas kay Ahab na siya ay tunay na propeta ng Dios at ang kanyang sinabi ay tinatanggap mula sa Dios. Kaya sinabi pa ni Micheas sa kanya kung ano pa ang mga detalye na nakita at narinig niya mula sa Panginoon: ***"19 At sinabi ng Panginoon, Sinong dadaya kay Achab na hari sa Israel, upang siya'y umahon at mabuwal sa Ramoth-galaad? At ang isa'y nagsalita na nagsabi ng ayon sa ganitong paraan, at ang iba'y nagsabi ayon sa gayong paraan.20 At lumabas ang isang espiritu, at tumayo sa harap ng Panginoon, at nagsabi, Aking dadayain siya. At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Sa ano? 21 At kaniyang sinabi, Ako'y lalabas, at ako'y magiging magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga propeta. At kaniyang sinabi, Iyong dadayain siya, at mananaig ka rin: lumabas ka, at gawin mong gayon. 22 Ngayon nga, narito, inilagay ng Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng iyong mga propetang ito; ang Panginoon ay nagsalita ng kasamaan tungkol sa iyo." (2 Cronica 18:19-21 KJV)*** Naroon si Micheas na may diwa ng propesiya sa presensya ng Panginoon. Kaya't ipinaliwanag niya kay Achab, na hindi masaya ang Dios sa kanya at naghahanap siya ng isang taong aakit sa kanya na makipagdigma sa Ramothgalaad at masawi. Sa wakas ay dumating ang isang espiritu at handang akitin siya sa pamamagitan ng paglalagay ng isang espiritung nagsisinungaling sa bibig ng kanyang mga propeta, at sinang ayunan iyon ng Panginoon, na naglalagay ng isang nagsisinungaling na espiritu sa bibig ng mga propeta ni Ahab at ng kanyang mga tagapayo dahil hinahanap ni Ahab ang mga taong iyon na sasamahan siya kahit na nagsasabi sila ng kasinungalingan sa kanya. Malinaw na ipinahayag ni Micheas kay Ahab ang gayong katotohanan na hinayaan ng Dios ang kanyang mga propeta na magsabi sa kanya ng kasinungalingan at nagsalita ng masama ang Panginoon laban sa kanya.

Maaari mong itanong: Paanong ipinahintulot ng Dios ang espiritung nagsisinungaling sa bibig ng mga tao na magpapahintulot sa iba na gumawa ng maling desisyon at nagdulot sa kanila ng pagkawasak? Paano ipapahintulot ng Diyos na ang Kanyang bayan ay mangalat nang walang pastol at magdudulot sa kanila ng mga kaguluhan? Ipinahintulot iyon ng Dios dahil ang 400 propeta ay mula sa Kanyang bayan na nakakaalam ng katotohanan ngunit nagpasyang pasayahin si Ahab. Pinahintulutan iyon ng Dios dahil nais ng mga tao ang gayon. Kinamumuhian nila ang katotohanan at kinamumuhian nila ang mga taong nagsasabi sa kanila ng katotohanan, samakatuwid ang naiwan para sa kanila ay ang makinig sa mga kasinungalingan at maling payo na magdadala sa kanila sa pagkawasak.

Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios ang mga sumusunod: ***"22 Kung saan walang payo ay nagugulo ang mga panukala: nguni't sa karamihan ng mga tagapayo ay nangatatatag." (Kawikaan 15:22 KJV)*** Ngunit kailangan nating piliin ang tamang mga tao na kailangan nating ilagay ang ating sarili, upang matanggap natin ang tamang impormasyon at upang maiwasan ang paglalagay ng ating sarili sa mga problema. Marami silang ayaw lumapit at humingi ng payo dahil ayaw nilang marinig na hindi galing sa Dios ang kanilang mga plano. Binubuksan nila ang kanilang buhay sa kanilang mga kaibigan, kasamahan sa trabaho, at sa mga hindi mananampalataya para lang maiwasan ang pasaway na pinuno ng simbahan na nagsasabi sa kanila ng totoo at nagpapayo sa kanila para sa kanilang sariling kapakanan upang maiwasan ang gulo. Ngunit anong uri ng payo ang matatanggap nila? Kasinungalingan lamang ang tatanggapin nila. Ang sinabi at inihula ni Micheas ay isang tunay na mensahe ng babala kay Ahab ngunit tumanggi siyang magsisi sa kabila ng lahat ng detalyeng ibinigay sa kanya.

***"23 Nang magkagayo'y lumapit si Sedechias na anak ni Chenaana, at sinampal si Micheas, at nagsabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng Panginoon na mula sa akin upang magsalita sa iyo?" (2 Cronica 18:23 KJV)*** Ang propesiya ni Micheas ay nag apoy sa iba ng mga bulaang propeta na magalit laban sa kanya. Tunay ngang ang kanyang ipinropesiya ay isang sampal sa mukha hindi lamang kay Achab kundi sa mga bulaang propeta na kasama niya; ang mga iyon ay kumikita sa pagsasabi ng kasinungalingan kay Ahab. Sinampal sa pisngi si Micheas dahil sa katotohanang sinabi niya. Ito ay mangyayari sa atin kapag ipinahayag natin ang katotohanan sa mga taong galit na marinig ang katotohanan na sumasalungat sa kanilang mga plano at kanilang mga hilig. Ngunit kailangan nating tiisin ang gayon bilang tayo'y nagagalak na maglingkod sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban.

***"24 At sinabi ni Micheas, Narito, iyong makikita sa araw na yaon, pagka ikaw ay papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli." (2 Cronica 18:24 KJV)*** Ipinropesiya ni Micheas sa mukha ni Sedekias na anak ni Chenaanah ang gagawin sa kanya ng Panginoon, na ang kanyang payo ay matatalo at ang kanyang mga kasinungalingan ay mabubunyag, at siya ay susundan ng kahihiyan at siya ay tatakbo upang magtago sa loob ng silid alinman sa pagtakbo para sa kanyang buhay o pagtatago mula sa kahihiyan sa maling payo na ibinigay niya kay Ahab.

***"25 At sinabi ng hari sa Israel, Dalhin ninyo si Micheas, at ibalik ninyo siya kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas na anak ng hari; 26 At sabihin ninyo, Ganito ang sabi ng hari, Ilagay ang taong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng kadalamhatian at ng tubig ng kadalamhatian hanggang sa ako'y bumalik na payapa." (2 Crnica 18:25-26 KJV)*** Ganito ang pagtrato ng tunay na propeta tulad ni Juan Bautista, at tulad ni Pablo, pagkabilanggo, pagtanggi sa kanila ng kanilang mga karapatan at pagbibigay sa kanila ng masamang pagtrato sa anyo ng tinapay ng paghihirap at tubig ng paghihirap. Ginawa iyan upang parusahan si Micheas sa kanyang pagsasabi ng katotohanan, gayundin upang pilitin siyang yumuko sa kanilang panggigipit at mga kahilingan na makipagsabwatan sa kanila at sumang ayon sa kanila sa gusto nilang gawin. Kailangan nating magtiis sa oras na ito. Maaari tayong pilitin ng mga tao at ng mga miyembro at manggagawa ng simbahan na pilipitin tayo, usigin tayo, at tumiwalag sa atin upang baluktutin tayo para sang ayunan ang kanilang mga pangangailangan. Pinagdaanan ko na ang gayong mga karanasan, kapag hindi ko pinayagan ang mga tao sa kanilang maling plano, magsisimula silang lumaban, aalis sila sa simbahan at ipagkakait ang kanilang ambag sa pananalapi sa ministerio, hahatak din sila ng iba at tuturuan silang gawin din ang pagsisikap upang pilitin ako sa pag iisip na ako ay yuyuko sa kanila. Subalit tiniis ko ang lahat ng pagdurusa; ang pag iisa, ang tinapay at ang tubig ng pagdurusa, at hindi ako yumuko sa gayong masasamang gumagawa, at ginagantimpalaan ako ng Panginoon sa pagsuporta sa akin at sa pagbabantay sa lahat ng Kanyang Salita na ibinigay Niya sa akin at natupad ang mga ito, at ako ay patuloy na nagsasabi sa kanila na tutuparin ng Panginoon ang lahat ng Kanyang Salita na Kanyang sinabi sa pamamagitan ko, tulad ng iginiit ni Micheas na ulitin sa kanila ang mismong Salita na sinabi ng Dios sa pamamagitan niya sa kanila na ang lahat ay matutupad tulad ng ipinahayag niya kay Achab na hindi siya uuwi nang ligtas. ***"27 At sinabi ni Micheas, Kung ikaw ay bumalik sa anomang paraan na payapa, ang Panginoon ay hindi nagsalita sa pamamagitan ko. At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat." (2 Cronica 18:27 KJV)*** Sinabi ko at patuloy kong sasabihin sa mga naghihimagsik sa Salita ng Dios at sa Kanyang payo na sila ay magtatapos sa impiyerno kung hindi sila magsisisi.

***"28 Sa gayo'y ang hari sa Israel at si Josaphat na hari sa Juda ay nagsiahon sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 18:28 KJV)*** Mga taong matitigas ang ulo hindi nila pakikinggan at ang kanilang mga kasalanan ang magiging kaparusahan nila. Hindi nakinig si Achab at nahihiya si Josaphat na iwan si Ahab kaya sumama ito sa kanya. Maling mga tao at maling kasamahan dapat mong gawin ang lahat ng iyong makakaya upang layuan sila at upang maiwasan ang mga ito, sapagkat ito ang inaasahan ng Dios na gawin mo. Inaasahan ng Dios mula kay Josaphat na lalayo siya kay Achab lalo na matapos niyang marinig ang detalyadong propesiya ni Micaias, ngunit hindi siya lumayo kay Ahab dahil siya ay nasa tunay na pagkaalipin at alipin nito. Mag ingat at matuto mula sa aral at palayain ang iyong sarili mula sa gayong pakikisama sa mga nakakapinsalang tao na magliligaw sa iyo at ilagay ka sa wakas sa mga problema.

***"29 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Ako'y magpapakunwaring iba, at paroroon ako sa pagbabaka; nguni't ikaw ay magbalabal ng iyong mga balabal hari. Sa gayo'y ang hari ng Israel ay nagpakunwaring iba; at sila'y nagsiparoon sa pagbabaka." (2 Cronica 18:29 KJV)*** Ang mga ganyang klaseng tao gagamitin ka nila para tulungan sila at ilalagay ka nila sa mga problema. Nakita mo rito kung paano ginagamit ni Achab si Josaphat para protektahan ang kanyang sarili mula sa kaaway at kung paanong iminungkahi niya ay ang paglagay kay Josaphat sa mga problema. Alam ni Ahab na siya ay sasaliksikin ng mga taga Siria upang patayin siya, kaya nga siya ay gumamit ng gayon upang itago ang kanyang sarili mula sa kamatayan, Pati na rin si Achab ay maaaring talagang matakot tungkol sa propesiya ni Micheas na ang Dios ay sumusunod sa kanya at hindi siya babalik nang ligtas.

***"30 Ang hari nga sa Siria ay nagutos sa mga pinunong kawal ng kaniyang mga karo, na sinasabi, Huwag kayong magsilaban kahit sa maliit o sa malaki man, liban lamang sa hari sa Israel." (2 Cronica 18:30 KJV)*** Tunay na iyan ang nasa isip ng taga Siria, pinupuntirya nila si Achab na patayin siya, at ang sinabi ni Micheas kay Ahab na nagsalita ang Dios ng masama laban sa kanya. Ang

plano ng Siryano ay matutupad din ang Salita ng Dios, na ang haring si Achab ay mamamatay sa digmaan at ang hukbo ay ikakalat na parang mga tupang walang pastol. Iniisip ni Achab na maiiwasan niya ang paghatol ng Dios at maiiwasan ang kanyang kamatayan sa digmaan sa pamamagitan ng pagpapabaya kay Josaphat na mamatay bilang kahalili niya.

***“31 At nangyari, nang makita ng mga punong kawal ng mga karo ni Josaphat, na kanilang sinabi, Siyang hari sa Israel. Kaya't sila'y nagsiligid upang magsilaban sa kaniya: nguni't si Josaphat ay humiyaw, at tinulungan siya ng Panginoon; at kinilos sila ng Dios na humiwalay sa kaniya. 32 At nangyari nang makita ng mga pinunong kawal ng mga karo na hindi siyang hari sa Israel, na sila'y nagsihiwalay ng paghabol sa kaniya.” (2 Cronica 18:31-32 KJV)*** Ngayon dito hinayaan ng Panginoon na mangyari ang gayon kay Josaphat upang ipakita sa kanya na ang ginawa niya na makipagkasundo kay Achab ay mali at mapanganib para sa kanyang buhay upang siya ay makapagsisi. Hindi siya balak patayin ng Dios sa labanang ito kundi para matuto siya ng leksyon. Natakot talaga siya sa mga nakapalibot sa kanya upang labanan siya. Si Josaphat na para bang hindi niya alam ang tungkol sa tunay na kasamaan ni Achab, kaya malinaw na ipinakita sa kanya ng Panginoon. Ngunit nang siya ay sumigaw sa Dios, tinulungan siya ng Panginoon at pinaalis sila ng Panginoon palayo sa Kanya. Ipinakita rin sa kanila ng Panginoon na hindi siya ang hinahanap nila. Maaaring gawin din ito ng Panginoon sa iyo tulad ng ginawa niya kay Josaphat upang magising ka mula sa inyong katigasan ng ulo, upang mapagtanto at magsisi.

***“33 At inihilagpos ng isang lalake ang kaniyang pana sa isang pagbabakasakali, at tinamaan ang hari sa Israel, sa pagitan ng mga pagkakasugpong ng sakbat kaya't sinabi niya sa nagpapatakbo ng karo, Ipihit mo ang iyong kamay, at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat.” (2 Cronica 18:33 KJV)*** Dito tutuparin ng Panginoon ang Kanyang Salita kahit na magbalatkayo si Ahab sa kaaway, ngunit hindi siya maaaring magbalatkayo sa Dios. Ang mga tumatanggi sa Salita ng Dios at sa kalooban ng Dios, ang Panginoon ang kanilang kaaway. Hindi alam ni Achab na sa pamamagitan ng kanyang kasamaan ay ginawa niyang kaaway ang Dios, at ang palaso na iyon ay tumama na mula sa Dios upang ipakita na ang Dios ay maaaring abutin ang masasamang tao at harapin sila saanman sila naroroon at anuman ang kanilang gawin upang itago ang kanilang sarili upang matupad ang Kanyang Salita, na si Achab ay papatayin, ***“34 At ang pagbabaka ay lumala nang araw na yaon; gayon ma'y ang hari sa Israel ay nanatili sa kaniyang karo laban sa mga taga Siria hanggang sa kinahapunan: at sa may paglubog ng araw ay namatay siya.” (2 Cronica 18:34 KJV)*** at ang hukbo ay ikakalat na parang mga tupang walang pastol. Matapos mapinsala si Ahab ay dumami ang labanan sa araw na iyon at nasaksihan niya kung paanong tinupad ng Dios ang Kanyang Salita na Kanyang sinabi sa pamamagitan ni Micheas. Pinatunayan niyang hangal siya nang tumanggi siyang pakinggan ang payo ni Micheas at tanggihan ang kanyang payo, ***“20 Makinig ka ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas.” (Kawikaan 19:20 KJV)***

***“1 At si Josaphat na hari sa Juda ay umuwing payapa sa kaniyang bahay sa Jerusalem. 2 At si Jehu na anak ni Hanani na tagakita ay lumabas na sinalubong siya, at sinabi sa haring Josaphat: Tutulungan mo ba ang mga masama at mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na mula sa harap ng Panginoon. 3 Gayon ma'y may mabuting mga bagay na nasumpungan sa iyo, sa iyong pagaalis ng mga Asera sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin ang Dios.” (2 Cronica 19:1-3 KJV)*** Pinayagan ng Panginoon si Josaphat na makabalik sa kanyang bahay nang ligtas at doon ay isinugo Niya ang tagakita na si Jehu na anak ni Hanani upang sawayin siya sa kanyang maling ginawa na ginawa niya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga di makadiyos at pagmamahal sa mga tao, tulad ni Achab at ng kanyang mga kasama, na napopoot sa Panginoon. Ipinahayag niya sa kanya na ang poot ng Dios ay darating sa kanya mula sa araw na ito dahil sa kanyang ginawa. Pati na rin ipinahayag niya sa kanya ang mabuti sa kanya na inalis niya ang mga kakahuyan mula sa Juda, na inalis niya ang mga bagay na ayaw ng Dios na sambahin nila ang mga diod-diosan at lipulin ang mga tao, at inihanda niya ang kanyang puso upang hanapin ang Panginoon. Bilang mga pinuno ng simbahan kailangan nating gawin at kumilos tulad ni Jehu na anak ni Hanani kapag napansin natin ang mga tao na kumilos na parang si Josaphat at nakipagsiksikan sa mga di mananampalataya at nagsisimulang tulungan ang masasama at ang mga napopoot sa Panginoon, kailangan nating sawayin sila, itama sila, upang sila'y magsisi at maging maayos sa pananampalataya.

***Sa aking mahal at minamahal;*** * Paano ka na ngayon Matatag ka pa rin ba at matigas ang ulo at ayaw magbago ng isip Kung ikaw ay gayon kung ganoon ay siguraduhin na ikaw ay ilalagay sa malaking problema tulad ng nangyari kay Achab at sa mga Israelita. Magpakumbaba ka at magsisi at tumalikod sa iyong masasamang gawain at tanggapin ang pagsaway, ang payo at pagwawasto upang ikaw ay maligtas. * Lumabas sa maling mga tao at lumayo sa masasamang tao para hindi mo harapin ang mga problema nila tulad sa nangyari kay Josaphat.

Tayo ay manalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakitang malinaw sa akin na Kailanga kong makawala mula sa gitna ng maling mga kasamahan at bumalik sa iyo at sa iyong simbahan.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Ipahayag at talikdan ang iyong kasutilan at katigasan ng ulo, ang iyong pagmamataas at ang iyong pagkaalipin sa masasamang tao, paggawa ng iyong sariling kagustuhan, pagiging independente at hindi handang magpakumbabaat lumapit at humingi ng payo at pangaral mula sa simbahan at sa mga namumuno ng simbahan. Talikdan ang lahat ng iyong mga pagsisinungaling, pagpapapuri, kompromiso, at ang iyong pagbali sa Salita ng Dios upang paluguran ang mga tao. Magsisi sa pakikisama sa mga hindi manannampalataya at paghingi ng mga payo at tagubilin sa kanila. Panginoon Aking ihinayag at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ____________________. Panginoon Aking ipinahayag ang sumusunod na maling pakikipagkaibigan at pakikipag ugnayan _________________. Panginoon Ako ay bumabalik sa iyo at sa iyong simbahan, Panginoon patawarin ako sa aking mga kasalanan, Ako'y nagsisisi mula sa lahat ng mga ito.*

*Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili sa mga alintuntunin na Aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na huwag makisama sa mga kaibigan na hindi kilala ang Dios at sa mga hindi mananampalataya. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na ituro na labag ang pag aasawa sa hindi mga mananampalataya at sa mga walang takot sa Dios. Panginoon tulungan mo ako na patuloy na dumaan sa makipot na daan at makipot na pintuan, Panginoon protektahan mo ako mula sa mga gumagawa ng masama at ibigay ang lahat ng aking mga kailangan. Panginoon Hiling ko na tulungan ako na gumawa ng tamang desisyon sa bagay na ito ____________________*

*Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinakumbaba ang kanilang sarili at bumalik sa iyo at sa iyong simbahan. Panginoon kaawaan mo sila; ibalik mo sa kanila ang lahat ng mga nawala sa kanila, bigyan mo sila ng pakiramdam ng direksyon, bigyan sila ng lakas at patnubayan kami na turuan sila at tulungan silang bumalik sa daan na kailangan nilang puntahan upang magpatuloy upang mabuhay para sa iyo at upang maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan mo kami upang gabayan sila na gawin ang tamang desisyon na kailangan nilang gawin sa kanilang buhay.*

*Panginoon, dalangin namin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan, at maglaan para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon patnubayan kami ng na payuhan ang inyong bayan ng iyong kalooban at ibalik sila sa paraang itinakda upang pagdaanan nila. Panginoon bigyan mo kami ng bunga ng Banal na Espiritu, pag ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapakumbaba, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at maglingkod sa iyo sa mas mahusay na paraan na sumasalamin sa pagkatao ni Jesus sa aming buhay sa pagtulong sa iba na nasa problema na nangangailangan ng aming mga kamay, pagsisikap, tulong at panalangin, at manindigan na magsabi ng totoo sa mga sumasalungat sa amin at umuusig sa amin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang yumaon at maglingkod sa iyo, mag evangelio, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan at abutin ang bagong mga tao at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 52 Makisama sa Tamang Pangkat ng mga Tao. 2 Cronica 18:1-34. Kawikaan 13:20. Isaias 30:10. Kawikaan 15:22. Kawikaan 19:20. 2 Cronica 19:1-3.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:

AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.